## Payamanin Mo

### Pagtukoy sa Kahulugan ng Salita sa tulong ng Pahiwatig na Pangungusap

PAGSASANAY 1: Tukuyin ang kahulugan ng salitang italisado sa pangungusap. Itiman ang bilog na katapat ng sagot.

1. Ang mga magulang ay *nababagabag* sa paulit-ulit na pagbalik ng mataas na lagnat ng kanilang anak.
   - ◯ nayayamot
   - ◯ nagtataka
   - ◯ nababahala
   - ◯ nalilito

2. Nalungkot ang mga anak sa balitang *lumalala* ang karamdaman ng amang may isang buwan nang nasa ospital.
   - ◯ bumabalik
   - ◯ bumubuti
   - ◯ dumarami
   - ◯ lumulubha

3. Makaraan ang ilang araw, *sumibol* na ang mga buto ng gulay na ibinaon ng tatay.
   - ◯ nabulok
   - ◯ tumubo
   - ◯ nawala
   - ◯ nagbunga

4. May narinig na *kalabog* mula sa silid na walang tao kaya dali-daling pumasok doon si Aling Nena.
   - ◯ ingay sa pagbagsak
   - ◯ sigaw ng pag-aaway
   - ◯ yabag ng paglalakad
   - ◯ tinig na humihingi ng tulong

5. Nagbigay ng pahayag tungkol sa pangyayari ang mga *nakasaksi* sa aksidente.
   - ◯ nasaktan
   - ◯ nakakita
   - ◯ nagulat
   - ◯ nakabalita



LIVEWORKSHEETS